Impormasyong Gabay para sa Komunidad: Public Charge

Ang ilang taong nag-aaplay para sa green card o visa upang makapasok sa U.S. ay kinakailangang dumaan sa isang "Public Charge" na pagsusuri, kung saan nagpapasya ang isang opisyal ng imigrasyon kung ang isang imigrante ay malamang na aasa ng suporta sa gobyerno sa hinaharap para sa kanilang mga pangunahing pangangailangan. **Isang bagong tuntunin ng Public Charge ay magkakabisa sa Setyembre 18, 2026**. Tingnan ang website ng Check Oregon Law Center para sa pinakabagong bersyon ng Impormasyong Gabay na ito sa https://oregonlawcenter.org/, at tingnan ang https://pifcoalition.org/ para sa mga update sa anumang mga pagbabago o legal na hamon sa tuntunin.

Kailangang malaman ng mga pamilyang imigrante ang tatlong mahalagang bagay tungkol sa bagong tuntunin ng public charge:

1 KARAMIHAN NG MGA TAO AY HINDI NA KAILANGAN MAG-ALALA TUNGKOL SA PUBLIC CHARGE

- Ang public charge ay **hindi** ipinapatupad sa lahat.
- Ang Public Charge ay karaniwang ipinapatupad lamang sa mga taong nag-aaplay para sa katayuan na LPR/green card sa pamamagitan ng isang miyembro ng pamilya (petisyon para sa green card na “pamilya ang batayan”).
- Kung mayroon ka nang green card at nananatili sa US, **hindi ka apektado ng Public Charge** (kahit kapag nagre-renew ka ng iyong green card).
- Kung wala kang paraan na makakuha ng green card na pamilya ang batayan sa malapit na hinaharap, **hindi ka apektado ng Public Charge** sa ngayon at maaaring hinding-hindi ka maaapektuhan.
- Kung ikaw ay isa nang mamamayan ng US, **hindi ka apektado ng Public Charge**.
- Ang tuntunin ng Public Charge ay **hindi** ipinapatupad sa maraming uri ng imigrante. **Ang Public Charge na pagsusuri ay hindi ipinapatupad sa mga imigrante na nag-aapply para sa green card sa pamamagitan ng mga sumusunod na “humanitarian immigrant” na katayuan:**

*Mga Refugee/Asylee	*Mga aplikante at may hawak ng TPS	*SIJS (Special Immigrant Juv)
*Mga VAWA na penipetisyon ang sarili	*Mga kwalipikadong imigrante na inabuso	*Mga pumasok na Cuban/Haitian
*Mga may hawak ng T/U visa	* Ilang parolado	*SIV para sa mga kaalyadong Afghan at Iraqi
*at marami pang iba!		

2 MAAARING ISANG-ISAALANG-ALANG ANG ILANG PAMPUBLIKONG BENEPISYO

- Para sa isang imigrante na mag-aapply para sa green card na "pamilya ang batayan" bago ang Setyembre 18, 2026, tanging ang SSI, TANF, at Pangmatagalang Pangangalaga sa isang Institusyon ang isasaalang-alang sa kanilang Public Charge na pagsusuri. Ang mga benepisyong natanggap ng mga miyembro ng pamilya ng imigrante ay hindi isasama sa Public Charge na pagsusuri ng imigrante.
- Ang isang imigrante na mag-aapply para sa green card na “pamilya ang batayan” pagkatapos ng Setyembre 18, 2026 ay sasailalim sa bagong tuntunin ng Public Charge. Angg lahat ng benepisyong "means tested" (mga benepisyong karapat-dapat lamang para sa isang tao kung mababa ang kanilang kita) na kanilang natatanggap, o natatanggap ng kanilang mga umaasang miyembro ng pamilya, ay

maaaring isaalang-alang sa kanilang Public Charge na pagsusuri.

3 ANG PUBLIC CHARGE AY HINDI LAMANG TUNGKOL SA MGA SERBISYO NG GOBYERNO

- Kailangan tingnan ng mga opisyal ng imigrasyon ang **kabuuang** kalagayan ng isang tao kapag isinasagawa ang public charge na pagsusuri, hindi lamang kung gumagamit ang tao ng mga programa ng gobyerno para sa banepisyo.
- Ang kalusugan, kakayahang magtrabaho, at katatagan sa pananalapi ng isang imigrante ay mga positibong salik na makakatulong sa mga imigrante sa kanilang Public Charge na pagsusuri kahit na gumamit sila noon ng mga programa para sa beneisyo ng publiko.

May mga katanungan ba? Hindi ka nag-iisa. May tulong.

Kung ikaw ay nag-apply ngayon o sa malapit na hinaharap para sa isang green card batay sa isang miyembro ng pamilya (petisyon pamilya ang batayan), kumunsulta sa isang abogado ng imigrasyon o humingi ng legal na payo tungkol sa Public Charge.

- Tawagan ang Oregon Law Center at Hotline ng Legal Aid Services of Oregon Public Benefits sa 1-800-520-5292.
- **Manatiling may alam** at up to date tungkol sa tuntunin ng public charge sa pamamagitan ng pagbisita sa https://pifcoalition.org/pc .
- Ang karagdagang detalyadong impormasyon tungkol sa tuntunin ng public charge ay available sa https://pifcoalition.org/resources/library/public-charge-what-advocates-need-to-know/
- I-search ang National Immigration Legal Services Directory para sa mga libre o murang serbisyong legal.
- Maghanap ng pribadong abogado ng imigrasyon sa inyong lugar.
- Ang ilang residente ng Oregon ay maaaring maging kwalipikado para sa mga libreng serbisyong legal para sa imigrasyon sa pamamagitan ng Equity Corps of Oregon. Alamin pa at humingi ng tulong sa https://equitycorps.org/ o sa pamamagitan ng pagtaag sa 1-888-274-7292.
- Maghanap ng impormasyon tungkol sa libreng pagkain sa Oregon sa https://foodfinder.oregonfoodbank.org/ , o sa pamamagitan ng pagtawag sa 211.
- Maghanap ng tulong sa iba pang legal na isyu gaya ng pabahay, kustodiya, diborsyo, trabaho, mga karapatan ng biktima, mga restraining order at marami pa sa direktoryo ng nonprofit na mga serbisyong legal ng Oregon Law Help o Lawyer Referral Service ng Oregon State Bar.

Latino Network

Oregon Law Center
WORKING TOGETHER TO ACHIEVE JUSTICE FOR LOW INCOME OREGONIANS

Latino COMMUNITY ASSOCIATION